



PATNUBAY SA MISA



31 Agosto 2014

Ika-22 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taong A

ANG KRUS AT ANG PAGIGING DISIPULO

Malinaw na tampok ang krus sa buhay ni Kristo. Ito ang krus ng pagtatakwil, kawalan ng utang na loob, kapusukan, kalupitan, at pagtataksil – ang krus na ipinataw sa kanya ng pagkakasala ng tao sa lahat ng anyo nito. Sa pagmamahal sa kanya, ninais sana ng kanyang mga disipulong maligtas siya sa gayong di-karapat-dapat na paghihirap. Ngunit batid ni Hesus na pagtanggap dito nang buong pagmamahal ang tanging paraan upang maganap ang kaligtasan ng sangkatauhan.

Kaligtasan sa pagkakasala ay nagdaraan sa pagdurusang tinitii nang may pagmamahal at nang dahil sa pagmamahal. Gayon ang mahalagang kundisyon para mapabilang sa mga disipulo ni Hesus. Gayon ang mensahe niya sa atin ngayong huling Linggo ng Agosto.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

D'yos ko, ako'y kahabagan sa maghapong panawagan. Dulot mo'y kapatawaran sa lahat ng nagdarasal dahil lubos kang magmahal.

Pagbati

P –Pagpalain ang Panginoong Hesus na nananawagan sa ating maging disipulo niya at pagsumikapan ang mabuti at ganap. Ang kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat!

B – At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P –Ipinagugunita sa atin ng Ebanghelyo ngayon na tanging ang mga bukas-palad sa pagsunod sa halimbawa at pangaral ni Hesus ang matatawag na disipulo niya. Tanungin natin ang ating mga sarili kung karapat-dapat tayo sa gayong karangalan. (Manahimik saglit.)

P –Panginoong Hesus, pinaaalalahanan mo kaming magpanibago sa puso't diwa, ngunit

inibig pa naming magpatuloy sa aming buhay makasalanan.

Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Panginoong Hesus, tinuruan mo kaming magturing sa mga pangyayari at mga tao ayon sa mga pamantayan ng Diyos, ngunit patuloy kami sa paghatol sa kanila ayon sa aming makalupang pamantayan. Kristo, kaawaan mo kami!

B –Kristo, kaawaan mo kami!

P –Panginoong Hesus, hinahamon mo kaming pasanin ang aming krus at sumunod sa iyo, ngunit madalas naming inibig na mamuhay nang maginhawa at gumawa ayon sa aming sariling paraan. Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B – Amen!

Papuri

B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga

taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanaan ng Ama, maawa ka sa amin. Sa-pagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, tanang pinakamabuti'y iyong tinataglay. Gawin mong sa aming kalooba'y manuot ang pag-ibig sa iyong ngalang dakila at bantog upang sa pag-unlad ng aming pagsunod sa pananampalatayang iyong ipinagkaloob, mapagyanan mo ang kabutihang iyong inihan-

dog at ang iyong pinagyaman ay mapanatili mong lubos sa iyong pagsubaybay sa amin at pagkukup sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Jer 20:7-9

Ang ating katapatan sa Diyos ay maaaring makatagpo ng pagtutol o pag-uusig. Sa kabilang dako, ang paglililo sa Kanya'y magbubunga ng malaking pag-sisisi at pahirap sa kalooban. Gayon ang naging dilema ni Jeremias sa pagninilay niya sa kanyang sitwasyon.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Jeremias

Panginoon, ako'y iyong hinikayat, at sumunod naman ako. Higit kang malakas kaysa akin at ikaw ay nagwagi. Pinagtatawanan ako ng balana; maghapon silang nagtatawa dahil sa akin. Tuwing ako'y magsasalita at sisigaw ng "Karahasan! Pagkasira!" Pinagtatawanan nila ako't inuuyam, sapagkat ipinahayag ko ang iyong salita. Ngunit kung sabihin kong, "Lilimutin ko ang Panginoon at di na sasambitin ang kanyang pangalan," para namang apoy na naglalagablab sa aking puso ang iyong salita, apoy na nakakulong sa aking mga buto. Hindi ko na kayang pigilin ito, hirap na hirap na akong magpigil.

Ang Salita ng Diyos!
B— Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 62

B—Aking kinasabikan, Panginoon, ikaw lamang!

R. M. Velez

Musical notation for the first line of the hymn. Chords: Eb, Bb, Cm, Bb. Lyrics: A-king ki-na-sa-sa-bi-kan Pa-ngi-

Musical notation for the second line of the hymn. Chords: Ab9, Bb, Eb. Lyrics: no-on i- kaw la-mang!

* **O** Diyos, ikaw ang aking Diyos na lagi kong hinahanap. Ang uhaw kong kaluluwa'y tanging ikaw yang hangad; para akong tuyong lupa na tubig ang siyang lunas. **B.**

* **Bayaan** mong sa santwaryo, sa lugar na dakong banal, lkaw roo'y mamasdan ko, sa likas mong karangalan. Ang wagas na pag-ibig mo'y mahigit pa kaysa buhay, kaya ako'y magpupuri't ikaw ang pag-uukulan. **B.**

* Habang ako'y nabubuhay, ako'y magpapasalamat, at ako ay dalangin na kamay ko'y nakataas. Itong aking kaluluwa'y kakaing may kasiyahan, magagalak na umawit ng papuring iaalay. **B.**

* Pagkat ikaw sa tuwina ang katulong na malapit, sa lilim ng iyong pakpak galak akong umaawit. Itong aking kaluluwa'y sa iyo lang nanghahawak, pagkat ako kung hawak mo, kaligtasa'y natitiyak. **B.**

Ikalawang Pagbasa Ro 12:1-2

Pagsikapan natin ang mabuti at ganap. Ito ang magpapabago sa ating buhay para maging kalugud-lugod ang pagsamba sa Panginoon. Ganito ang mensahe ni San Pablo sa mga Kristiyano sa Roma at sa atin.

L—Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

Mga kapatid: Alang-alang sa masaganang habag ng Diyos sa atin, ako'y namamanhik sa inyo: ialay ninyo ang inyong sarili bilang handog na buhay, banal at kalugud-lugod sa kanya. Ito ang karapat-dapat na pagsamba ninyo sa Diyos. Huwag kayong umayon sa takbo ng mundong ito. Mag-iba na kayo at magbago ng isip upang mabatid ninyo ang kalooban ng Diyos – kung ano ang mabuti, nakalulugod sa kanya, at talagang ganap.

Ang Salita ng Diyos!
B— Salamat sa Diyos!

Aleluya Ef 1:17-18

B—Aleluya! Aleluya!
 D'yos Ama ni Hesukristo, kami ay liwanagan mo at tutugon kami sa 'yo.
 Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mt 16:21-27

Ang pagtitiis ng mga hirap sa buhay ay mahalagang bahagi ng pagiging disipulo ni Kristo at daang patungo sa buhay na walang hanggan. Sa kabilang dako, binabalaan tayo ni Hesus na ang kampanteng pamumuhay

ay siyang sanhi ng tuluyang pagkapariwara.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinimulang ipaalam na ni Hesus sa kanyang mga alagad na dapat siyang magtungo sa Jerusalem at magbata ng maraming hirap sa kamay ng matatanda ng bayan, ng mga punong saserdote at ng mga eskriba, at kanilang ipapapatay siya. Ngunit sa ikatlong araw siya'y muling nabubuhay.

Niyaya siya ni Pedro sa isang tabi at pinagsabihan ng ganito: "Panginoon, huwag nawang itulot ng Diyos! Hindi po dapat mangyari ito sa inyo." Ngunit hinarap siya ni Hesus at sinabihan, "Lumayo ka, Satanas! Hadlang ka sa aking landas. Ang iniisip mo'y hindi sa Diyos kundi sa tao."

Sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad, "Kung ibig ninumang sumunod sa akin, limutin niya ang ukol sa kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus at sumunod sa akin. Ang naghahangad na magligtas ng kanyang buhay ay siyang mawawalan nito; ngunit ang mag-alay ng kanyang buhay alang-alang sa akin ay siyang magkakamit noon.

Ano nga ang mapapala ng isang tao, makamtan man niya ang buong daigdig kung ang katumbas naman nito'y ang kanyang buhay? Ano ang maibabayad ng tao para mabalik sa kanya ang kanyang buhay? Sapagkat darating ang anak ng Tao na taglay ang dakilang kapangyarihan ng kanyang Ama at kasama ang kanyang mga anghel. Sa panahong yao'y gagantihin niya ang bawat tao ayon sa kanyang ginawa."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus,

namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Ipinagugunita sa atin ngayon ng Panginoong Hesus ang kahalagahan ng pamumuhay na tapat sa plano ng Diyos para sa atin. Nakababatid sa ating kahinaan at sa hirap ng pagiging disipulo, pakumbaba nating idalangin ang ating mga kailangan sa buhay:

B –Panginoon, tulungan mo kaming sumunod sa iyo!

* Ang pamumuhay nawa ng Simbahan bilang “pamayanan ng mga disipulo ni Kristo” ay mapatangi sa pagiging laging tapat sa mga turo ng Ebanghelyo. Manalangin tayo! **B.**

* Palakasin nawa ng Diyos ang Santo Papa, ating Obispo, mga pari, at lahat ng ating pinunong espirituwal upang tumulad sa halimbawa ni Hesus sa lahat ng kanilang gawa. Manalangin tayo! **B.**

* Magsikap nawa ang ating mga pinunong pambayan para sa kapakanang panlahat sa pamamagitan ng paglilingkod sa mga tao sa halip ng para sa mga pansarili nilang interes. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa lahat ng nagdurusang pisikal o emosyunal ay matutong magpasan ng kani-kanilang krus kasama ni Hesus at sa gayo’y maging kasangkapan para sa kaligtasan ni Hesus. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa sa kabila ng kanilang mga kahirapan, matatag na magpunyagi ang mga katekista sa pagtuturo ng pananampalataya sa

ating mga kabataan. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa lahat tayo’y matutong mabuhay nang nakatuon ang ating mga puso sa mga pagpapahalaga ng Kaharian ng Diyos at hindi sa materiyalismo at hilig sa mga kasiyahan sa daigdig. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Manahimik saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P –Panginoong Hesus, itulot mong tumulad kami sa iyong pagsunod sa kalooban ng Ama, mangahulugan man ito ng paghihirap at pagkakait sa sarili. Sa gitna ng lahat ng mga paghihirap, huwag nawa naming makaligtaan ang gantimpalang naghihintay sa amin sa Kaharian ng kapayapaan kung saan nabubuhay at naghahari ka magpakailanman.

B –Amen!



P –Manalangin kayo . . .

B –Tanggapin nawa . . .

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, ang banal na paghahain ay lagi nawang magdulot ng iyong pagbabasbas na sa ami’y tumutubos upang ang ginaganap mo sa aming pagdiriwang ay maging lubos na pagkakaloob ng iyong pagmamahal sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B** –Amen!

Prepasyo VI

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Nasa iyo ang aming buhay, pagkilos at pag-iral. Sa pamumuhay namin araw-araw tinatamasa namin ang iyong pagmamahal. Sa pag-ibig mong ipinunla sa sangkatauhan ang Espiritu Santo’y unang aning bigay ng Anak mong naglagak sa amin ng katiyakang nakalaang mabuhay kami sa piling mo kailanman.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan,

kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B –Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B –Sa krus mo at pagkabuhay kami’y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B –Ama namin . . .

P –Hinihiling namin . . .

B –Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B –Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P –Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B –Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Kahanga-hangang lasapin ang pagkukpok mo sa amin. Ito’y iyong inilihim nang dito’y pakinabangin tanang sa ‘yo’y gumigiliw.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal, kaming nagsalu-salo sa pagkain mong bigay ay humihiling ng lakas mong inilalaan upang ang kagandahang-loob nami’y madagdagan sa paglilingkod namin sa iyong kadakilaan na nagpapaalab sa pag-ibig namin sa kapwa-tao sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!



P –Sumainyo ang Panginoon.

B –At sumaiyo rin!

P –Magsiyuko kayo at ipanalan-
ngin ang pagpapala ng Diyos.
(*Manahimik saglit.*)

Tibayan nawa kayo ng Diyos
Ama para inyong matanggap
nang buong pananalig ang mga
hirap ng buhay at tiisin ang
mga ito nang may matibay na
kaloobang tulad ng kay Kristo.

B –Amen!

P –Ang Diyos Anak nawa ang
inyong maging palagiang
inspirasyon sa pagsusumikap
para sa pagpapahalaga ng Ka-
harian at tuwinang pagsunod
sa kalooban ng Ama.

B –Amen!

P –Pagkalooban nawa kayo ng
Diyos Espiritu Santo ng karu-
nungan sa pagpili nang tama
at ng lakas na kailangan ninyo
para sa pagtupad dito sa gitna
ng mga kahirapan.

B –Amen!

P –Pagpalain nawa kayo ng maka-
pangyarihang Diyos: Ama,
Anak, at Espiritu Santo.

B –Amen!

P –Humayo kayo sa kapayapaan
upang mahalín at paglingkuran
ang Panginoon sa inyong kap-
wa.

B –Salamat sa Diyos!

PAGPASAN SA AKING KRUS

(Panalangin)

Noo'y hiniling kong maligtas sa ano mang sakit
Pagkat tunay ngang napakahirap magtiis
At animo'y sa impiyerno nagtutumangis. . .

Alam kong sa ganang sarili
Madadaig ako ng kirot at hapdi
Ng mga kabigua't pagkasiphayo.
Alam mo kung paanong malugmok
Sa tindi ng mga hirap na pasaning
Tulad ng iyong dinanas sa gitna
Ng Olibong halamanan.
Alam mo rin kung paanong ipako nang walang awa
Saka ipabayubay para laitin ng mga tampalasan.

Ngunit gaya mo, alam ko ring
Naiaahon ng paghihirap ang mga kawawang nilalang
Hanggang sila'y matanghal sa dakilang kal'walhatian.


Alam kong sa tulong mo, Panginoong Hesus,
Mabigat mang krus ay kaya kong pasanin
Sa daang mabato o mahaba mang landasin.
Kasama lamang kita't aking kasabay
At sa aki'y umaalalay.

Kaya nga, sa iyo ako'y nagdarasal,
Nagdurusa kong Tagapagligtas:
"Bigyan mo po ako ng lakas
Nang akin pong makayanan
Ang mga krus sa aking buhay
Nang buong pagpapakumbaba't pagmamahal . . .
Manunnton ako sa iyong dinaanan . . .

Sa gayo'y magiging krus
na pantubos –
Ganito ang pagiging disipulong lubos."

At kapag gumaling na't lumakas
Sa biyaya mo't mga pangaral,
Lalakas din ako upang tulad ni Simon
ng Cirene . . .
Aakay. . . tutulong sa mga kasamang
nadadapa't
Dumarang sa bigat nilang pasan.

Ako'y magiging kung ano ka sa akin.
Kasabay ko silang sa landas ng buhay
Magkaagapay na maglalakbay
Na buo ang pag-asang ang lahat
ng krus
Ay mabibihisan ng mga kislap
ng liwanag –
Salamat sa iyong Krus
Na sa lahat, siyang nagbibigay-
saysay.



Sa pagdiriwang ng **25** taon (1989-2014)
ng pagpapalaganap ng Salita ng Diyos
sa pamamagitan ng Media,
ang
Word & Life Publications
ay mamimigay ng mga papremyo!

Para sa karagdagang impormasyon
at detalye sa pagsali,



Word & Life Publications



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio,

V. David, M. Navajas • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan